

Taon XL Blg. 12 Hunyo 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Lumaban hanggang mawakasan ang rehimeng Arroyo

atapos ang halos sampung taon nang pagdurusa sa ilalim ng papet, bulok at mapanupil paghahari ni Gloria Arroyo, masidhi ang paghahangad ang mamamayang Pilipino na mawakasan na ang kanyang paghahari at pagbayarin siya sa napakarami nang mabibigat na kasalanan sa bayan.


Kung si Arroyo lamang ang masusunod, hindi maaasahan ng mamamayan na kusa at walang gulong magtatapos ang kanyang paghahari. Habang papalapit ang katapusan ng kanyang termino sa Hunyo 2010, higit pang pinapaspasan ni Arroyo ang mga maniobra para makapagpatuloy pa sa poder. Lalong lumilinaw ang pangangailangan para sa mapagpasyang mga pagkilos ng mamamayan para matanggal na siya sa kanyang kinaluluklukan. Tulad ng sigwa ng unang kwarto ng 1970 at EDSA 1986 at 2001, muli ngayong nagbabadya ang isang makapangyarihang unos ng mamamayang determinadong wakasan ang kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo.

Anupaman ang paraan para mapalawig ang kapangyarihan ni Arroyo, isang bagay ang malinaw: Mabibigyang-wakas lamang ang mersenaryo, bulok, sinungaling at malupit na paghahari ni Arroyo sa pagmamagitan ng pag-agaw mismo ng sambayanan ng kapangyarihan at pagpwersa kay Arroyo na tapusin na ang kanyang paghahari.

Di katanggap-tanggap sa mamamayan ang balak ni Arroyo na manatili sa poder. Di katanggap-tanggap na magpatuloy ang dinaranas nilang sukdulang paghihirap at pang-aapi sa ilalim ng bulok, ganid at malupit niyang rehimen.

Gayon, dapat magkaisa, kumilos at lumaban ang mamamayan. Dapat tipunin ang galit na ito sa isang makapangyarihang unos para wakasan ang paghahari ni Arroyo. Dapat ibayong palawakin at paigtingin ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagmomobilisa sa mamamayan para labanan ang lahat ng mga pagpapahirap sa kanila ng rehimeng US-Arroyo.

Dapat ipakita sa mamamayan na ang kanilang paghihirap ay tuwirang bunga ng mga maka-dayuhan at anti-mamamayang patakaran at hakbangin ng naghaharing rehimen, kabilang ang patakarang ipako ang sahod sa mababang antas, ang pagpapabaya sa mga serbisyong panlipunan upang mailaan ang malaking



Mga tampok sa isyung ito...

Con-ass, mariing tinuligsa

PAHINA 4

Lumalalang ekonomya sa bansa

PAHINA 5

Hungkag ang mga tagumpay ng AFP sa Negros PAHINA 9 bahagi ng badyet sa pagbabayad ng utang, ang patakarang pagluluwas ng mga manggagawa sa halip na lumikha ng hanapbuhay sa bansa at ang paghadlang sa tunay na reporma sa lupa.

Dapat walang kapagurang ilantad ang lahat ng kaso ng pagnanakaw at pandarambong ni Arroyo na sa kabuuan ay umaabot na sa di bababa sa ₱7.3 bilyon. Singilin si Arroyo sa halos mahiqit isang libo nang kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay sa mga kumakalabang aktibista at kritiko, at marami pang kaso ng kalupitang militar na bumiktima sa milyon nang mamamayan sa layuning takutin at patahimikin ang bayang lumalaban. Ilantad ang sobra-sobrang pagpapakapapet at pangangayupapa ng rehimeng Arroyo sa interes at dikta ng imperyalistang amo, at ang balaking bigyan ng buong laya pang manghimasok ang imperyalismong US sa mga internal na usapin sa Pilipinas at dambungin ng mga dayuhan ang yaman at ekonomya ng bavan.

Sa mga darating na buwan hanggang sa krusyal na susunod na taon, dapat na paigtingin ng mga rebolusyonaryo at progresibong

Arroyo, nangungunang di pinagkakatiwalaang upisyal

DINAIG ni Gloria Arroyo ang lahat ng matataas na upisyal sa pina-kahuling sarbey ng Pulse Asia bilang nangungunang di pinagkakati-walaang upisyal. Sa lahat ng erya at grupong sinarbey, umani siya ng 42 hanggang 67 puntos. Sa parehong sarbey, 45% ng Pilipino ang lubos na kritikal sa gawain ni Arroyo.

Ayon naman sa sarbey ng Social Weather Stations noong unang kwarto ng taon, 43% ng mga Pilipinong botante ang hindi naniniwalang bababa sa pwesto si Arroyo sa 2010. Mas mataas ito kung ihahambing sa 39% na resulta sa sarbey nito noong nakaraang taon.

pwersa ang todo-todong pagsisikap na pukawin, organisahin at pakilusin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayang Pilipino upang labanan ang "cha-cha" at lahat ng iba pang pakana ni Arroyo para palawigin ang kanyang kapangyarihan. Nakasalalay ang lahat ng ito sa makapangyarihang lakas na matitipon at maibubuhos ng mamamayan sa iba't ibang paraan ng paglaban.

Paglagablabin ang apoy ng protesta at paglaban. Ikalat ito sa buong bansa upang makapag-ambag ang pinakamalaking bilang ng mamamayan sa pangkasaysayang paglabang ito. Sa katuus-tuusan, ang lawak at laki ng mga demonstra-

syon sa lansangan at masiglang pagsulong ng armadong rebolusyon ang susi sa tagumpay ng paglaban. Sa harap ng todong panunupil ng rehimeng Arroyo laban sa mga kilos-protesta laluna sa binabakurang sentro ng kapangyarihan, kailangan ang pagkilos ng milyun-milyon sa iba't ibang prubinsya at lunsod sa buong bansa, hanggang sa di na mapigilan ng mga pasistang pwersa maging ang pagbuhos ng panibagong pag-aalsa sa pambansang sentro.

Malawakan at masiglang pakilusin ang mga manggagawa at magsasaka, ang mga maralita at walang hanapbuhay, ang mga guro at kawani, mga kabataan, estudvante at iba pang sektor ng mamamayan laban sa "cha-cha," kasabay ng paglaban para sa kanilang mga pampulitika at sosyo-ekonomikong interes at karapatan. Iugnay ang kanilang mga sektoral na pakikibaka sa pakikibaka para mawakasan na ang rehimeng nagpapahirap sa kanila. Kaaqapay ng pakikibaka para wakasan ang rehimeng US-Arrovo, kailangang paigtingin ang paglaban ng sambayanan para wakasan ang sistemang batbat ng krisis, kabulukan, kahirapan at panunupil.

Napakapaborable ng kasalukuyang kundisyon para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Sagpangin ang pag-igting

ang Bayan

Taon XL Blg. 12 Hunyo 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Mga maniobra sa Con-ass	3
Con-ass, mariing tinuligsa	4
Lumalalang ekonomya sa bansa	5
Lumalalang disempleyo	6
Sosyalismo ang alternatibo sa kapitalismo	7
Matatagumpay na opensiba ng BHB 2 upisyal ng militar, napatay;	
8 armas nasamsam	8
Mga taktikal na opensiba ng MILF	8
Hungkag ang mga tagumpay ng AFP sa Negros	9
Pananalanta ng pasistang estado	
Lider-magsasaka, pinaslang	10
MMDA, binigo ng sama-samang pagkilos	11
Masaker sa Peru	12
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ng pampulitika at sosyo-ekonomikong krisis sa ilalim ng naghaharing sistema at gubyerno para higit na mapalawak at mapaigting ang digmang bayan. Ipwesto ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa unahan ng malawak na hanay ng mamamayang lumalaban. Iwagayway ang pulang bandila ng armadong rebolusyon sa gitna ng krisis pangkabuhayan na yumayanig sa sistemang malakolonyal at malapyudal at sa krisis ng paghaharing pulitikal sa bansa na gumugulo ngayon sa hanay ng mga reaksyunaryong uri.

Planuhin sa antas-rehiyon at larangan ang pagsusulong ng kampanya para sa pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan mula ikalawang hati ng 2009 hanggang buong taon ng 2010. Bigyang-daan ang inisyatiba, kapangahasan at bwelo ng lahat ng mga larangang gerilya at platung gerilya para makapaglunsad ng mga taktikal na opensiba ayon sa kakayahan at tiyak na tagumpay.

Ang paglaban para wakasan ang rehimeng US-Arroyo ay tiyak na iigting pa sa mga darating na buwan at susunod na taon. Dapat mulat na gamitin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng pagkakataon ngayon upang higit at mas mabilis na makapag-ipon ng organisado at armadong lakas para maitaas ang antas kapwa ng mga pakikibakang masa at pagkikidigmang gerilya.

Con-ass, pinapaspasan

Sarisari nang maniobra ang sinusubukan ng Malacañang para mapabilis ang paglalabas ng desisyon ng Korte Suprema pabor sa con-ass, mawala na ang anumang "ligal" na balakid rito at maidaos na ito sa lalong madaling panahon.

Tulad ng inaasahan, ang pekeng petisyon ni Oliver Lozano na ihinapag niya ilang oras lamang pagkapasa ng resolusyon para sa con-ass sa Mababang Kapulungan, ay kaagad ibinasura ng korte dahil "masyado itong adelantado." Ito'y dahil resolusyon pa lamang at di pa naipatutupad ang niratsadang House Bill 1109 para sa con-ass kung saan hindi rekisito ang partisipasyon ng Senado.

Ang susunod na taktika nina Arroyo ay ang kagyat na pagdaraos na ng con-ass sa muling pagbubukas ng Kongreso sa State of the Nation Address ni Gloria Arrovo sa Hulyo 27. Balak samantalahin ng kampo ni Arroyo ang pagkakataong makakasama ng mga kongresista ang mga senador sa isang pagtitipon para sakaling may mahatak pa ring mga senador na sumali sa conass ay mapilitan na ang korte na desisyunan na ito dahil ipinatutupad na. Anang mga pasimuno ng con-ass, malamang av di aabutin ng dalawang buwan at papaboran na ito ng Korte Suprema. Ang mga senador naman na pawang kontra sa con-ass ay nagsabing aalis sila mula sa bulwagan kapag itinuloy ang pagdaraos ng con-ass.

Samantala, dahil kapos na ang panahon para matiyak ang maagang pagbaling ng porma ng gubyerno tungong parlamentaryo, ikinakasa na lang muna ngayon ni Ar-

> royo ang pagkuha ng pwesto bilang kinatawan ng ikalawang distrito ng Pampanga. Tinitiyak din niya na mayorya ng mga mapupwesto sa Mababang Kapulungan ay mga alipures niya para siguradong magtutuluy-tuloy

ang con-ass hanggang sa maitayo na ang bagong sistemang parlamentaryo at makaupo na siya bilang punong ministro.

Ngayong Hunyo pa lamang ay 17 beses nang nakakadalaw si Arro-yo sa iba't ibang bayang saklaw ng ikalawang distrito ng Pampanga para mangampanya. Bahagi rin ng plano ang pag-atras ng anak ni-yang si Mikey Arroyo bilang kongresman ng distritong ito at pagtakbo nito bilang gobernador ng Pampanga upang mapagharian at makontrol ang pulitika sa buong prubinsya. Sa qayo'y qagawin din

nila ang lahat ng paraan para patalsik ang popular na repormistang gobernador na si Fr. Ed Panlilio, na nagsisilbing tinik ngayon sa lalamunan ng naghaharing pangkatin.

Niluluto na rin ng naghaharing pangkatin ang pagpapanalo ng isang pangulong papayag na maging tau-tauhan lamang ni Arroyo hanggang sa maging parlamentaryo na ang sistema ng gubyerno at babalik na kay Arroyo ang pagiging pangunahing pinuno ng estado.

Kasabay ng lahat ng ito, nakaumang pa rin palagi ang opsyon ng "no elections" ("noel") o pagkabigo ng eleksyon (dulot ng malawakang pagpalya sa paggamit ng mga kompyuter sa pagbibilang ng boto) na magbibigay-daan sa pagpapataw ni Arroyo ng "emergency rule" o tahasang paghaharing militar, at pagpapatuloy sa paghahari bilang "pangulong pantransisyon."

Paspasan para kina Arroyo ang prosesong ito dahil nangangamba sila na sinumang hahawak ng poder bilang presidente ay maaaring mahumaling sa kapangyarihan at di na papayag na magbigay-daan sa panunumbalik ni Arroyo sa poder. Bilyun-bilyon ang inihahandang pera ni Arroyo para maipatupad ang mga plano niyang ito.

Pero habang pinapaspasan nila ang kanilang pagmamaniobra ay lalo silang nagiging garapal at naguudyok ng ibayong galit at paglaban ng mamamayan.

Con-ass, mariing tinuligsa

ariing tinuligsa ng iba't ibang sektor ng lipunan sa bansa at sa ibayong dagat ang pag-amyenda ng konstitusyon sa pamamagitan ng isang constituent assembly (con-ass) na walang partisipasyon ang Senado. Kasabay ng protesta sa Makati City, nagpupuyos din ang mga damdamin ng libu-libong mamamayan sa Maynila at mga syudad ng Calamba, Legazpi, Baguio, Cebu, Tagbilaran, Bacolod, Iloilo, Dumaguete, Iligan, Valencia, Davao, Koronadal, General Santos at mga sentrong bayan sa bansa.

Sa Luzon. Noong Hunyo 10, di bababa sa 13,000 demonstrador mula sa iba't ibang sektor ang nagtipun-tipon sa Makati City para batikusin ang con-ass na naglalayong baguhin ang konstitusyon para patuloy na makapangunyapit sa kapangyarihan si Gloria Arroyo. Sa entablado, binatikos ang rehimeng Arroyo sa nakasulat na islogang "Stop Gloria's Con-ass" samantalang ang mga raliyista'y may mga plakard na nagsasabing "Gloria forever? Never!" at "Gloria must go!"

Sa Southern Tagalog, naglunsad ng hiwalay na kilos protesta ang mga militanteng grupo para batikusin ang con-ass. Ayon kay Tin Macabetcha, tagapagsalita ng BAYAN-Southern Tagalog, isang koordinadong pagkilos sa rehiyon ang inilunsad sa Crossing, Calamba City, Laguna, alas-4 ng hapon noong Hunyo 10. Lumahok sa natu-

rang rali ang mga lider-simbahan, mga empleyado ng lokal na gubyerno at mga representante ng sektor ng kalusugan.

Nagsagawa rin ng sabay-sabay na *noise barrage* sa iba't ibang lugar ng Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) noong araw na iyon. Ang naturang rali ay panimula lamang sa serye ng mga raling anti-*cha-cha* na hahantong sa isang mas malaking aksyong protesta sa State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo sa huling linggo ng Hulyo.

Sa Bicol, naglunsad ng mga aksyong protesta ang Alyansa Kontra Cha-Cha at BAYAN sa Legazpi City, Coalition for Bicol Development at Naga City People's Council sa Naga City kasabay ng aksyong protesta sa Makati City. Lumahok din ang Camarines Sur Peoples Organization at Kabataan Party.

Sa Visayas. Sa Cebu, daan-daan ang nagmartsa mula Fuente Osmeña mga alas-9 ng



umaga at nagtipun-tipon sa Colon St. bago tumungo sa Malacañang sa Sugbu. Binatikos din ng Cebu Business Club ang con-ass dahil wala itong magandang maidudulot sa pampinansyang kalagayan ng bansa at bagkus ay lalo pa itong magpapatindi sa pampinansyang krisis.

Samantala, sa Dumaguete City, naglunsad ng raling anti-cha-cha kung saan isang lider-magsasaka, si Fermin Lorico, ang brutal na pinatay matapos magsalita sa naturang kilos-protesta. Tagapangulo si Lorico ng Kaugmaon-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Negros Oriental. (Tingnan ang kaugnay na artikulo.)

Sa Iloilo City, naglunsad ng mga aksyong protesta ang koalisyong multisektoral na I-March (Ilonggos' Movement Against Arrovo's Charter Change) kasama si Archbishop Angel Lagdameo ng Jaro, presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines. Bago magmartsa ang 2,000 raliyista Provincial Capitol tungong Grounds, bandang alas-2 ng hapon, nagsagawa ng noise barrage ang mga drayber ng mga pampasaherong dyip at pagkalembang ng mga kampana ng sampung dyosesis. Maliban sa BAYAN-Panay, Gabriela, PAMANGGAS, mga maralitang lunsod at mga relihivosong sektor, sumali rin ang Integrated Bar of the Philippines-Iloilo at ilang persona-

Sa Bacolod City, mahigit 1,000 ang nagmartsa para magtipun-tipon sa plasa ng Bacolod City upang batikusin ang con-ass. Habang nagmamartsa, walang patid na pinatunog ang mga kampana ng San Sebastian Cathedral na kinabitan ng pulang tela bilang protesta sa conass. Kasama si Bishop Vicente Navarra ng Bacolod sa multisektoral na protestang ito.

Sa Mindanao. Sa Davao City, nagsagawa ng People's March no-

ong hapon ng Hunyo 10 na naging isang malaking torch parade mula Freedom Park tungong Rizal Park. Nauna rito, nagpiket ang mga kasapi ng Anakbayan-Southern Mindanao sa tapat ng upisina ni Speaker Prospero Nograles. Bitbit nila ang anti-Arroyo na mga plakard at inakusahan si Nograles ng pagtatraydor.

Sa Cagayan de Oro City, nagtipun-tipon ang daandaang mga nagprotesta sa Divisoria Freedom Kiosk para batikusin ang con-ass. Nagmartsa ang mga nagprotesta mula sa Misamis Oriental Capitol Grounds bandang alas-10 ng umaga ng Hunyo 10. Magpapatuloy ang anti-cha-cha na protesta sa susunod na linggo sa mas malaking lugar sa Pelaez Sports Complex.

Samantala sa Kongreso, binatikos ng mga myembro ng minorya ang *con-ass*. Ayon kay Rep. Satur Ocampo, kung ipagpapatuloy ang *con-ass* ay tiyak na mag-aalsa sila at aasang tutulong ang mamamayan para biguin ang pakana. Binigkas naman ng naturang mga kongresista sa rali sa Makati ang bagong bersyon ng Panatang Makabayan na kinatha ni National Artist Bienvenido Lumbera.

Sa ibayong dagat. Sa New Zealand, kinundena ng Migrante Aotearoa New Zealand ang pinakahuling maniobra ng Malacañang, ang *con-ass*, para baguhin ang

konstitusyon. Ayon sa naturang organisasyon, layunin ng *cha-cha* ang pagpapanatili ni Gloria Arroyo sa Malacañang at pagdepensa sa kanya mula sa mga kasong isasampa laban sa kanya gaya ng pandarambong at paglabag sa karapatang-tao.

Samantala, binatikos ng BAYAN-Canada ang HR 1109, na anito'y malinaw na pagwawasiwas ng kapangyarihan ng House of Representantives. Nanawagan si Jonathan Canchela, tagapangulo ng Filipino Migrant Workers' Movement, isang myembrong organisasyon ng Migrante-Ontario na magmartsa ang mamamayan sa mga lansangan at labanan ang ganitong tipong paniniil sa mamamayang Pilipino ng mga kroni ni Gloria Arroyo sa Kongreso. Nanawagan din ang BAYAN-Canada sa lahat ng alyadong organisasyon nito na magorganisa ng mga rali sa darating na mga araw at bantayan ang bawat pihit sa pagmamaniobra ng pangkating Arroyo na baguhin ang konstitusyon.

Sa Saudi Arabia, kahit ipinagbabawal ng gubyerno na maglunsad ng anumang uri ng protesta, naglunsad ng isang *indoor protest* ang Migrante-Al khobar upang kundenahin ang *con-ass*. Naglunsad din ng *press conference* ang Migrante-Riyadh Chapter laban sa *con-ass*.

Sumasahol na ekonomya

abang pinalalala ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang permanenteng krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa bansa at patuloy na nang-aabuso sa poder ang ubod ng bulok na reaksyunaryo at papet na rehimeng Arroyo ay lalong naghihikahos ang mamamayan. Sumusunod ang ilan sa mga pinakahuling palatandaan at bunga nito:


Pagbagsak ng GDP. Pinakamalala sa loob ng nakaraang dekada ang 2.3% pagbagsak ng *gross domestic product* (GDP o kabuuang lokal na produksyon) mula huling kwarto ng 2008 hanggang unang kwarto ng 2009.

Pagbagsak ng eksport, produksyon, konsumo at pamumuhunan sa bansa. Kumpara noong Enero-Abril 2008, bumagsak nang 36.4% (kabuuang \$10.7 bilyon na lamang) ang eksport ng Pilipinas nitong Enero-Abril. Pinakamatindi ang pagbulusok ng mga malamanupakturang pyesang elektronik (na halos nangalahati na lamang) at mga kasuotan, mwebles at produktong agrikultural, na siyang pangu-

nahing mga eksport ng bansa.

Ilang buwan na ring bumabagsak ang produksyon sa mga pagawaan, di na lamang yaong mga nakatuon sa eksport kundi pati para sa lokal na konsumo. Bumagsak ito nang 23.8% noong Enero, 21.1% noong Pebrero at 12.7% noong Marso.

Mula sa humigit-kumulang \$3 bilyon noong 2006-2007, bumagsak nang matarik ang tuwirang pamumuhunang dayuhan sa bansa. Kumpara noong nakaraang taon, bumagsak ito nang 83% at nasa \$44 milyon na lamang ito nitong unang kwarto ng taon dahil sa pagdami pang mga dayuhang kumpanyang nagsialisan o nagsara na. Karami-



han ng mga ito'y nasa malamanupakturang pang-eksport at pang-lokal na konsumo. Pagsapit ng Marso, mas malaki na nang \$27 milyon ang iniluwas na tuwirang pamumuhunang dayuhan kumpara sa pumasok.

Bumagsak na rin ang benta at

konsumo dahil sa pagliit ng kita ng mamamayan at hangarin nilang makapagtipid sa panahon ng krisis. Ang kabuuang bolyum ng mga benta ay bumagsak nang 16.5%. Sa mismong sarbey ng Bangko Sentral ng Pilipinas, lumabas na lalo pang dumausdos ang kumpyansa ng mga konsyumer mula negatibong 25.7% noong unang kwarto tungong negatibong 34.2% sa ikalawang kwarto ng 2009.

Lumiliit na remitans ng mga migranteng Pilipino. Kumpara noong mga nagdaang taon, lumiliit na ang tantos ng paglaki ng naipapasok na remitans ng mga migranteng manggagawang Pilipino.

Bumaba ito nang 2.2% nitong Abril mula sa 3.1% noong Marso at 4.1% noong Pebrero. Pinakamalaki ang pagbagsak ng remitans mula sa US na lumiit nang 9.1% noong unang kwarto ng 2009 kumpara noong unang kwarto ng 2008 (mula \$1.84 bilyon tungong \$1.68 bilyon o kabuuang kabawasang \$168.3 milyon).

Nakikini-kinita ng iba't ibang pandaigdigang ahensya na magsisimula nang bumagsak ang mga remitans ngayong taon nang mula 4% hanggang 15%. Ang pagbagsak nito ay mangangahulugan ng ibayo pang paglala ng krisis sa bansa na matagal nang nakasalalay sa dayuhang remitans.


Ayon sa mga kumpanyang nagpapadala ng mga manggagawang Pilipino at nag-aayos ng mga kontrata nila sa ibang bansa, mula 2007 ay bumaba na nang 29.2% ang nakakukuha ng bagong mga kontrata sa ibayong dagat.

Lumiliit na nakokolektang buwis, lumalaking depisit at utang ng gubyerno. Lumalala ang depisit sa badyet ng gubyerno.

Lumiliit ngayon ang nakokolektang buwis ng gubyerno—13.5% na lamang ng halaga ng kasalukuyang kabuuang lokal na produksyon at kalakalan ng bansa, kumpara sa 15.05% noong nakaraang taon.

Dulot nito, umabot na sa ₱111.8 bilyon—pinakamataas sa kasaysayan—ang naitalang depisit ng gubyerno noong unang apat na buwan pa lamang ng 2009 (apat na ulit na mas malaki kumpara sa depisit noong unang kwarto ng 2008 at 56% na ng target sa buong taon na ₱199.2 bilyon). Sinasabi ng gubyerno na di na lalampas sa ₱257 bilyon ang kabuuang depisit ng gubyerno para sa 2009 pero tinatatayang aabot pa ito sa ₱330 bilyon sa minimum.

Dahil dito, nagkukumahog sa pangungutang ang gubyerno. Nadagdagan ng ₱291.5 bilyon ang kabuuang utang ng gubyerno (na ngayo'y nasa mahigit nang ₱4.2 trilyon, doble ng antas pag-upo ni Arroyo noong 2001). Umaabot na ito ngayon sa 57.6% ng GDP—isa sa pinakamataas sa buong mundo at pinakamataas na sa buong Asia.



Lumalalang disempleyo, pinagtatakpan

Isa sa pinakamatitingkad na palatandaan ng pagtindi ng krisis sa ekonomya ang ibayong paglaki ng disempleyo. Sa pagtaya ng Ibon Foundation, umaabot na sa 28% o 10.6 milyon ang walang trabaho o naghahanap ng karagdagang hanapbuhay. Kung pagbabatayan naman ang isang sarbey kamakailan ng Social Weather Stations, ang tantos ng disempleyo ay umaabot na sa 34% o 14 na milyon katao.

Ang napakalalang problemang ito ay pilit na pinagtatakpan ng gubyerno. Pinalalabas ng gubyerno na nasa 7.5% lamang ang tantos ng disempleyo nitong Abril 2009. Kung mas masusing susuriin ang mismong mga datos ng gubyerno, makikita kung papaano nito ikinukubli ang aktwal na laki ng disempleyo.

Upang palabasing maliit lamang ang bilang ng mga walang trabaho, binabawasan nito ang bilang ng mga manggagawang itinuturing na kabilang sa pwersa sa paggawa. Hindi na isinasama rito ang mahigit dalawang milyong naidagdag sa pwersa ng paggawa noong nakaraang taon na di nakakita ng trabaho at tumigil na sa paghahanap, ang mga bagong gradweyt sa kolehiyo na nagsisimula pa lamang maghanap ng trabaho, ang daan-daan libong mga manggagawang kasisisante pa lamang at ang ilampung libo nang migranteng manggagawang nagsimula nang magbalikan sa bansa.

Gayundin, sa pamamagitan ng mga pagbabago ng depinisyon, pinalalabo nito ang pagkakaiba ng "may trabaho" at "walang sapat na trabaho." Ginagawa ito upang palakihin ang bilang ng "may trabaho" sa pamamagitan ng pagsasama rito ng mga manggagawa na sa aktwal ay kulang o walang traba-

ho. Kung gayon, kung susuriin ang mga datos na ito ng gubyerno, makikita na ang mga itinuturing nitong "may trabaho" sa aktwal ay kulang na kulang o walang regular na hanapbuhay.

Halimbawa, ayon sa pinakahuling datos ng Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES), umaabot na ngayon sa 16.5 milyon (mula 10.5 milyon) ang nasa "impormal na sektor." Kalahati na ito ng kabuuang bilang ng mga "may trabaho." Kabilang sa mga ito ang mga "nagtatrabaho para sa sarili" o "nagtatrabaho nang walang bayad para sa pamilya" o may iba't ibang di regular na trabaho. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pagsasaka, paggagawaing-kamay, pagkukumpuni, paglalako, pagbabantay sa tindahan, pagmamaneho ng mga dyip, traysikel at padyak, pagbebenta ng basura at katulad na mga trabaho para lamang may makain.

Sa sarbey naman ng National Statistics Office, lumalabas na 18.9% lamang ng pwersa sa paggawa ang itinuturing na "walang sapat na trabaho." Pero kung susuriin naman ang nasa kategoryang "may empleyo," lalabas na umaabot sa mahiqit 72.3% nito'y maituturing na walang sapat o regular na trabaho: 35.2% nito ay mga magsasaka at manggagawang bukid na karamihan ay "nag-eempleyo sa sarili," kulang ang trabaho at pana-panahon lamang may trabaho; 19.1% ay nasa kalakalan at pagkukumpuni ng mga kagamitan; 13.1% ay nagtatrabaho para sa pamilya nang walang bayad; at 4.9% ay nagtatrabaho bilang mga kasambahay. Malaking bahagi pa ng natitirang 28.7% nasa kategoryang "may empleyo" ay kaswal, kontraktwal, pansamantala at alanganin ang empleyo.

Lumalabas sa ngayon na napakaliit na lamang ng bilang ng mga manggagawang may tunay na istableng trabaho. Maging sa kabuuang 1.5 milyong bagong nabigyan umano ng trabaho noong 2008, hanggang 86.6% (o 1.3 milyon) ang katunaya'y mga malamanggagawang nadagdag lamang sa "impormal na sektor."

Sosyalismo ang alternatibo sa kapitalismo

Tmaabot na sa 5.3 milyon katao o 10% ng kabuuang pwersang paggawa ang nawalan ng trabaho sa US. Sa Japan, umaabot ito sa 330,000 at sa India, kalahating milyon nitong unang apat na buwan pa lamang ng 2009. Sa Pilipinas, tinatayang umabot na sa 600,000 ang nawalan ng trabaho nitong kalagitnaan ng taon.

Ilan lamang ito sa matitingkad na palatandaan ng pinakamatinding krisis pang-ekonomya at pampinansya mula noong Great Depression na bumabayo ngayon sa mga manggagawa at masang anakpawis sa buong daiqdiq.

Ang kasalukuyang krisis ay dagdag pa sa mabigat na pasaning binabalikat ng mga manggagawa at masang anakpawis bunga ng mga neoliberal na patakarang deregulasyon, liberalisasyon, at pribatisasyon na pumawi sa mga karapatang naipagwagi ng mga manggagawa, nagpataas sa mga buwis at mga presyo ng batayang mga bilihin at serbisyo at lalong naglugmok sa kahirapan sa milyun-milyong magsasaka.

Sa harap nito ay pumuputok ang mga aksyong protesta ng kilusang paggawa sa iba't ibang bahagi ng mundo. Isa rito ang matagumpay na anim-na-araw na okupasyon ng mga manggagawa sa Republic Windows and Doors sa Chicago, USA noong Disyembre 2008 na umani ng suporta mula sa mga kalapit na lunsod hanggang muli nilang napabukas ang planta. Nagkaroon din ng okupasyon sa mga pagawaan sa Ireland, London, at Canada. Sa France, tatlong milyong mamamayan ang nagprotesta noong Marso 19 para igiit sa administrasyong Sarkozy ang dagdag na sahod, trabaho at pagpigil sa pagtaas ng buwis. Samantala, sa Guadeloupe, isang isla sa Caribbean, nagtagumpay ang 44-araw na welga (Pebrero hanggang Marso 2009) ng mga manggagawa para itaas ang minimum na sahod.

Ang matitingkad na pagkilos na ito ay iniulat ng mga lider-manggagawa mula sa Asia, Europe, North America, Latin America at Africa na dumalo sa International Solidarity Affair (ISA) na ginanap sa Pilipinas nitong Mayo. Ang aktibidad na pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno ay may temang "Labanan ang Imperyalistang Krisis, Pandarambong at Gera." Tinalakay dito ng mga delegado ang mga isyu ng mga manggagawa ng daigdig tulad ng disenteng sahod, karapatan sa paggawa at patakarang neoliberal ng World Trade Organization at World Bank.

Nagkakaisa ring idineklara ng mga delegado na sosyalismo ang alternatibo sa kapitalismo. Anila, sa sosyalismo, tao, at hindi ang tubo, ang pinahahalagahan. Kaakibat nito ang planadong ekonomya at panunumbalik ng kontrol ng tao sa kani-kanilang buhay. Lilikha ng trabaho, edukasyon, kalingang pangkalusugan para sa lahat at itataguyod ang karapatang-tao. Kabilang dito ang pinakabatayang karapatan ng bawat isa na makilahok sa paghuhubog ng kinabukasan.



2 upisyal militar, napatay;8 armas nasamsam

alawang upisyal ang napatay at anim na karaniwang sundalo ng Philippine Army ang nasugatan sa magkakahiwalay na mga taktikal na opensibang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Davao del Norte at Davao Oriental nitong Hunyo. Walo namang malalakas na armas ang nakumpiska ng BHB sa Northern Samar noong katapusan ng Mayo.

Sa Davao del Norte, napatay si 2Lt. Charlie Salcedo at isa pang pwersa ng Bravo Coy ng 60th IB nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng Danilo Villacorta Command ang kanilang komboy sa Kilometer 15, Barangay Dagohoy, Talaingod noong Hunyo 15. Mahi-

git dalawang buwan nang naghahasik ng lagim sa mga komunidad ng Ata-Manobo ang yunit na ito, kabilang ang pananakot at pagnanakaw sa mga residente, paghamlet sa apat na barangay at pagsosona sa walong barangay ng Talaingod at Kapalong. Ang yunit ding ito ang responsable sa karumaldumal na pagtortur at pagpatay noong Abril kay Kapis Butod, anak ng isang datu.

Noon namang Hunyo 14, napatay si 2Lt. Lucresio Julampong habang nasugatan naman ang tatlong sundalo ng 67th IB sa Sityo Bisay, Barangay Batawan, Baganga, Davao Oriental. Nagpapatrulya sila nang ambusin at pasabugan ng bomba ng mga mandirigma

ng Larangang Gerilya 15 ng BHB sa Southern Mindanao.

Dalawang araw bago ito, nasugatan din ang tatlong elemento ng 67th IB nang tambangan sila ng naturang mga Pulang mandirigma sa parehong barangay.

Sa Northern Samar, walong malalakas na armas na kinabibilangan ng isang M203, anim na M16 at isang M14 ang nasamsam nang

salakayin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng militar sa Barangay Polangi,

> Catarman noong Mayo 30. Dalawang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa naturang reyd. Bago ito, limang tropa ng 20th IB

ang sugatan sa ambus na isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Barangay E. Du-

ran, bayan ng Bobon nitong Hunvo 17.

Samantala, ayon sa pinakahuling ulat mula sa Efren Martires Command ng BHB sa Eastern Visayas, mahiqit 90 elemento ng kaaway ang namatay sa 93 aksyong militar na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa rehiyon noong 2008. Kumpara rito ay wala pang 10 ang namartir na mga gerilyang bayan sa mga labanang ito. Nakakumpiska rin ang BHB ng iba't ibang kalibreng armas at libu-libong bala noong 2008. Taliwas sa ipinangangalandakan ng kaaway, walang kahit isang larangang gerilya ang nabuwag ng 8th ID sa kabila ng malawakang pananalakay ng AFP sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 2.

Mga taktikal na opensiba ng MILF

Kasabay ng malakihang pagsalakay sa mga detatsment at kampo ng AFP, nagsasagawa ang mga pwersa ng MILF ng maliitan pero koordinadong mga armadong aksyon para lituhin at pagurin ang mga pwersa ng militar.

Noong Hunyo 14, sinalakay ng mga mandirigma sa ilalim ng MILF 102nd Base Command ang pusisyon ng mga tropa ng AFP sa Magarang, sa hangganan ng Wato-Piagapo, Lanao del Sur.

Kasabay nito, isinagawa ng makikilos na tim ng MILF ang pananambang sa mga ruta ng suplay at pang-iisnayp sa gabi sa mga nagpapahingang tropa ng militar.

Noong Hunyo 13, tatlong hiwalay na sagupaan ang naganap sa pagitan ng mga armadong pwersa. Bandang alas-5 ng umaga, tinambangan ng mga mandirigma ng MILF ang mga tropa ng AFP na nakakampo sa Barangay Togaya, Salvador, Lanao del Norte. Pagsapit ng alas-8 ng umaga, nireyd ng MILF ang detatsment ng AFP sa hangganan ng Wato at Piagapo sa Lanao del Norte. Paglipas ng tatlong oras, isa pang sagupaan ang naganap sa pagitan ng MILF at mga sundalo sa Wato-Piagapo.

Apat na sundalo ang napatay sa mga sagupaang ito habang marami pa ang nasugatan. Walang kaswalti sa panig ng MILF.

Noong Mayo 28, sinalakay ng mga pwersa ng MILF, gamit ang malalakas na riple at mga 81 mm mortar, ang detatsment ng AFP sa Barangay Matalam, Talayan, Maguindanao. Noong Mayo 27, nagkaroon ng sagupaan sa pagitan ng MILF at AFP sa Barangay Bacayawan, Munai, Lanao del Norte. Pitong sundalo ang naiulat na napatay.

Hungkag ang mga tagumpay ng AFP sa Negros

ungkag ang mga ulat na tagumpay ng militar sa Negros. Ito ang sagot ni Ka Frank Fernandez, tagapagsalita ng National Democrat-Lic Front-Negros, sa bulaang pahayag ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na sa loob ng anim na buwan ng 2009 ay nakamit na nito ang 50% ng target na lipulin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Negros pagsapit ng 2010. Umaasa sina Major Gen. Vicente Porto, hepe ng 3rd ID, Brig. Gen. Josue Gaverza, hepe ng 303rd Bde at Col. Cesar Yano, hepe ng 302nd Bde na sa kanilang kasinungalingang ito ay may promosyon sila sa AFP sa basbas ng naghaharing pangkating Arroyo-Cojuangco-Teves.

Ngunit and mga ito ay puro gimik lamang ng mga pasistang kumander para matabunan ang katotohanang bigo ang kanilang target na duruqin ang mga larangang gerilya at lubusang mapahina ang BHB sa isla noong 2008. Dahil sa kabiquang ito, ani Ka Frank Fernandez, pinalawiq pa ng Central Command (CenCom) ng AFP sa 2009 ang pagtutok sa Negros sa kontrarebolusyonaryong operasyon nito sa Visayas.

Noon pang 2007 ay sinasabi na ng CenCom na lubusang makukumpleto nito sa 2008 ang kontra-rebolusyonaryong layunin nito sa Negros. Nagmistulang garison ang isla dahil sa malaking konsentrasyon ng mga pwersang militar at pulis dito. Itinalaga rito ang mga batalyon ng 303rd Bde at 302nd Bde, 2nd Scout Ranger Battalion, dalawang kumpanya ng Division Reconnaissance Company (DRC), dalawang kumpanya ng 12th IB, mga yunit ng 78th IB, batalyong pwersa ng Regional Mobile Group-6 (RMG) at pitong kumpanya ng Provincial Mobile Group (PMG). Laging nakahanda naman ang suportang panghimpapawid ng Philippine Air Force (PAF).

Subalit puro suntok sa hangin lamang ang nangyari sa matitindi at sustenidong operasyong militar ng mga pasista sa mga larangang gerilya. Napinsalaan ang kaaway sa 51 taktikal na opensibang inilunsad ng BHB noong 2008. Kaalinsabay nito, masigla at militante ang mga manggagawa, magsasaka at iba pang sektor ng lipunan sa paglulunsad ng mga kampanya at protestang masa laban sa militarisasyon sa Negros habang isinusulong ang iba pa nilang mga demokratiko at pambansang interes.

Sa desperasyong makamit ang target ng CenCom nitong 2009, simula Enero ay lalong pinaigting ng kaaway ang tinatawag nilang "mapagpasyang aksyon" laban sa BHB. Kaugnay nito, nagtambak pa sa Negros ng mga pwersang militar, pulis at paramilitar. Ipinakat ang 62nd IB, dalawang kumpanya ng RMG-7, isang kumpanya ng RMG-6 at tatlong kumpanya ng CAFGU. Pinalaki ang mga tropa ng mga PMG at mga istasyon ng pulis at isinailalim ang mga ito sa Special Counter-Insurgency Unit Training (SCOUT). Nakatakda ring ipakat ang "reactivated 82nd IB" (na karamiha'y nagmula sa mga tauhan ng DRC at Headquarters Service Batta-

Gayunman, sa loob ng unang anim na buwan ng 2009 ay lubusan ang kabiguan ng ipinagmamayabang na matitinding operasyon ng AFP at PNP. Walang natamong pinsala and BHB sa dalawang engkwentro nito sa Negros Oriental-noong Marso 20 laban sa 79th IB sa San Jose at noong Pebrero sa pagitan ng platun

ng BHB at RMG 6 sa Escalante City. Sa pagkukumahog na magkaroon ng "mapagpasyang aksyon," naganap ang *misencounter* sa pagitan ng 11th IB at ng detatsment ng CAFGU habang nag-ooperasyon sila sa kabundukan ng Jimalalud noong Marso. Pinalabas na lamang ng mga upisyal ng militar na ang kanilang mga sugatan ay bunsod ng pakikipaqlaban sa BHB.

Sa kabilang banda, mula Enero hanggang Mayo ay nakapaglunsad ang BHB ng sampung taktikal na opensiba sa lahat ng mga larangang gerilya. Ilan lamang dito ang reyd sa ECJ Farm sa To-oy, Himamaylan City, Negros Occidental at ang ambus ng BHB sa mga tropa ng 11th IB sa Barangay Hilaitan, Guihulngan, Negros Oriental (basahin sa AB, isyu ng Hunyo 7, 2009).

Ang mga tagumpay ng BHB noong 2008 at 2009, ayon kay Ka Frank Fernandez, ay nagbibigay ng daqdaq na inspirasyon sa mamamayan ng Negros upang tuwirang lumahok sa armadong pakikibaka. Sumigla rin ang mga pakikibaka nila para sa kanilang mga pambansa at demokratikong interes laban sa pyudalismo, burukrata kapitalismo at impervalismo.

Matatapos ang taong 2009 at 2010 na puro kabiguan lamang ang tiyak na aanihin ng AFP. Sa kabilang banda, ibayong lalaki at lalakas ang pwersa ng BHB para isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas, anang tagapagsalita ng NDF-Negros.

ANG BAYAN Hunyo 21, 2009



Lider-magsasaka, pinaslang

sang lider-magsasaka ang pinaslang sa Negros Oriental ma-**L**tapos niya batikusin ang conass sa isang rali. Isang Pulang mandirigma rin ang dinukot ng militar sa Far South Mindanao at isang 12 taong gulang na bata sa Samar. Sa Cagayan, isang pulong ng mga lider militante ang sinugod ng militar.

Hunyo 13. Isang Pulang mandirigma ang dinukot ng mga operatibong paniktik ng AFP habang lulan siya ng bus patungong Davao City. Si Felix "Ka Tawi" Capalla ay papunta sa syudad para magpatingin sa doktor. Limang araw na idinetine si Capalla bago siya ilitaw at ipresenta sa midya nitong Hunyo

Hunyo 10. Pinaslang ng pinaniniwalaang mga operatiba ng 79th IB si Ka Fermin Lorico, tagapangulo ng KAUGMAON, pamprubinsyang balangay ng Kilusang Maqbubukid nq Pilipinas (KMP) sa Negros Oriental. Binaril si Lorico malapit sa kanyang upisina bandang alas-4:00 ng hapon sa Dumaquete City matapos dumalo sa isang rali laban sa pakanang chacha ng mga kapanalig ni Gloria Arroyo sa Mababang Kapulungan.

Mariing kinundena ng KMP at Tanggol Magsasaka ang pagpaslang kay Lorico. Pang-apat na siyang kagawad ng pambansang konseho ng KMP na pinatay ng mga tauhan ng rehimeng Arroyo. Naunang naging biktima sina Ka Eddie Gumanoy ng Southern Tagalog, Ka Nilo Arado ng Panay at Ka Renato Pacaide ng Far South Mindanao.

Hunyo 10. Dinukot ng mga elemento ng 8th ID ang isang 12 gulang na bata. Si Joel, residente ng Montalban, Matuguinao, Samar ay pinalalabas na "batang sundalo" umano ng Bagong Hukbong Bayan. Mariing binatikos ng National Democratic Front-Eastern Visayas ang pagdukot kay Joel at paglabag sa kanyang mga karapatan, kabilang ang pagpapalabas sa kanya sa midva at paglalantad ng kanyang pangalan.

Hunyo 11. Sinalakay ng humigit-kumulang 30 nakamaskarang sundalo ang isang kumperensya ng Katinnulong Daguiti Umili ti Amianan sa isang resort sa Barangay Masisit, Sanchez Mira, Cagayan. Ang kumperensya ay nilahukan ng mga kinatawan mula sa mga partidong Bayan Muna, GABRIELA, Anakpawis at Kabataan. Tinakot ng mga reaksyunaryong tropa ang mga kalahok sa pulong at tinangay ang kanilang mga kompyuter, dokumento at iba pang kagamitan.

Ang pananalakay ay isinagawa bandang hatinggabi habang natutulog ang 19 na kalahok sa kumperensya. Pinadapa sa sahig ang mga biktima at tinutukan at kinulata ng mga ripleng M16.

Sapilitang pagbakwit sa Maguindanao

MARAMI ang nasugatan at nasaktan nang paulanan ng AFP ng bomba ang mga evacuation center sa Mamasapano, Maguindanao noong Hunyo 18. Nagsimula ang pambobomba bandang alas-11 ng gabi kung kailan karamihan ng mga residente ay natutulog na. Tinamaan ang isang eskwelahan na ginawang sentro ng ebakwasyon sa Mahad Libutan sa Libutan, Mamasapano.

Ang mga bakwit ay napilitang lisanin ang kanilang mga bahay matapos simulan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang pinakahuling malakihan at walang patumanggang opensibang militar laban sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa Maguindanao mula Hunyo 4. Mahiqit kalahati sa mga bakwit ay mga bata na nakatakdang magsimula ng pag-aaral nitong Hunyo.

Dumaranas sila ng gutom at hirap sa mga sentro ng ebakwasyon dahil sa kakulangan ng pagkain at kawalan ng sapat na atensyong medikal. Mas masahol pa, hinaharang ng AFP ang pagkain at iba pang ayuda mula sa mga nagkakawanggawa sa pagdadahilang napupunta ang mga ito sa mga pwersa ng MILF. Binatikos ito ng maraming nakikiramay sa mga sibilyan at mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao. Pinabulaanan naman ng MILF na napupunta sa kanila ang ayuda at kinundena ang AFP sa walang pakundangang pagdamay nito sa libu-libong mga sibilyan.

Binatikos ng MILF ang pagwasak ng AFP sa mga ari-arian at kabuhayan ng mamamayang Moro, kabilang ang pambobomba sa moske sa Barangay Muti, Guindulungan, Maguindanao noong Hunyo 5. Binatikos din ng MILF ang AFP sa paggamit nito sa dalawang moske sa Datu Piang, Maguindanao bilang detatsment ng kanilang mga tropa.

Tinuligsa ng MILF ang kalakaran ng mga tropa ng AFP ng panununog ng mga bahay. Mula Hulyo noong nakaraang taon, umabot na sa 3,000 mga bahay ang sinunog ng AFP. Kalakhan dito (2,000) ay nasa sentral Maquindanao.

Nasa 600,000 mga Moro ang napilitang lumisan sa kanilang mga lugar mula pa noong Agosto 2008.

Kaso laban sa mga magsasaka, ibinasura

IBINASURA nitong Hunyo 18 ni Cavite Provincial Prosecutor Emmanuel Velasco ang kasong "illegal possesion of firearms" laban sa siyam na magsasaka dahil sa kakulangan ng ebidensya. Aniya, hindi rin awtorisado ang mga pulis na magtayo ng tsekpoynt at arestuhin ang mga magbubukid na pawang mga kasapi ng Kalipunan ng Magbubukid sa Kabite (KAMAGSASAKA-KA).

Ang mga inakusahan ay sina Jomel Agana, Renato Alvarez, Mario Joson, Franco Remeroso, Yolanda Caraig, Neshley Cresino, Janice Javier, Bernardo Derain at Philip Nardo. Papunta sila sa isang pulong noong Agosto 31, 2008 nang pahintuin ang kanilang sasakyan sa isang tsekpoynt ng mga pulis sa Barangay Pasong Lanca, Silang, Cavite. Nangyari ang ito dalawang araw matapos ang paglaya ng tinaguriang "Tagaytay Five," mga aktibistang magsasakang dinakip noong Abril 28, 2006 at sinampahan ng gawa-gawang kasong rebelyon.

Petisyon para sa writ of amparo, isinampa ng 3 abugado

TATLONG abugado sa karapatang-tao ang nagsampa ng kani-kaniyang petisyon nitong Hunyo 17 para sa writ of amparo laban sa matataas na upisyal ng AFP at PNP sa Southern Mindanao. Ang mga nagreklamo ay sina Carlos Zarate, Lilibeth Ladaga at Angela Librado-Trinidad na kabilang sa 106 kataong nasa order of battle (OB) ng militar na inilantad kamakailan ni Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna.

Pinangalanang respondent sa mga petisyon sina Maj. Gen. Reynaldo Mapagu, kumander ng 10th Infantry Division; Lt. Col. Kurt Decapia, hepe ng 10th ID Public Affairs Department; Col. Oscar Lactao, pinuno ng Task Force Davao; at Senior Supt. Ramon Apolinario, hepe ng pulisya sa Davao City.

Mararahas na pambubuwag sa mga demonstrasyon ng maralita

MARAHAS na binuwag ng may 50 pulis ang mapayapang demonstrasyon ng mga maralita sa Sucat, Parañaque noong Mayo 28. Hinuli at dinala ng mga pulis ang pitong raliyista sa kalapit na Muntinlupa City Police Station at sinampahan ng kasong *illegal assembly* at iba pa.

Hindi nagkasya ang mga pulis sa panghaharas sa mga raliyista. Pinagbuntunan din ng kanilang karahasan ang isang kagawad ng midya na noo'y nagdodokumento sa mga pangyayari. Inagaw at hindi na ibinalik ng mga pulis kay Ivy Valencia ng Tudla Productions ang kanyang kamera na ginamit sa pagbibidyo sa pambubuwag.

Isinagawa ng mga maralita ang rali sa tapat ng Philippine National Railway Sucat Station para humiling ng pag-uusap kay Bise Presidente Noli de Castro na noo'y nasa lugar para sa isang seremonya ng National Housing Authority. Ninais nilang magpaabot ng kanilang kalagayan at pagtutol sa North-South Rail Linkage Project na nagreresulta sa maramihang pagpapalayas sa kanila mula sa kani-kanilang mga lugar.

"Metro Gwapo" ng MMDA, binigo ng sama-samang pagkilos

Bunga ng sama-samang pagkilos ng ilang mga residente ng maralitang komunidad sa kahabaan ng R-10 Road sa Tondo, napilitang iatras ng Metro Manila Development Authority (MMDA) ang plano nitong "facelift" na sinimulan noon pang Abril. Pinangunahan ng lokal na alyansa ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) ang pagtutol ng mga residente sa plano ng MMDA na buwagin ang mga kabahayan.

Para daw maging "Metro Gwapo," kailangang alisin ang hanggang dalawang metro ng mga bahay na sumasaklaw na umano sa mga sidewalk. Sinindak ng MMDA ang mga residente at sinabing malaki ang magiging pinsala kung sila ang magsasagawa ng demolisyon. Sa pamamagitan ng KADAMAY, nabuo ang pagkakaisa ng mga residente at matapang nilang hinarap ang MMDA.

Noong Mayo 28, hinarang ng mga residente ang ginagawang operasyon ng MMDA. Bruskong humarap sa mamamayan ang MM-DA at itinaboy nang walang malinaw na paliwanag ang mga taong nakikipagnegosasyon. Maging ang representante ng taong simbahan, kagawad ng midya at upisyal ng barangay ay parang siga nilang pinagsabihan. May ilang residente pang tinutukan ng baril at inagawan ng mga gamit kagaya ng upuan, mga damit at iba pa. Mismong ang ilang opisyal ng mga barangay na apektado ay tumututol sa biglaang pagdating at pakikialam ng MMDA.

Sundan sa "Metro..." sa pahina 12

Masaker sa Peru

Tmabot sa 40 Amazon Indian, kabilang ang tatlong bata, ang napatay noong umaga ng Hunyo 5 matapos paulanan ng bala ng mga pulis ang nilahukan nilang demonstrasyon malapit sa bayan ng Bagua sa Peru. Mahigit 100 din ang nasugatan at maraming iba pa ang inaresto o nawawala. Pinagbababaril ang mga demonstrador habang natutulog sa pinagpahingahan nilang haywey. Nagpuprotesta sila sa desisyon ng gubyerno ng Peru na pahintulutan ang pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa Peruvian Amazon.

Sa tangkang itago ang katotohanan, sinunog at itinago ng mga pulis at militar ang bangkay ng mga biktima. Ang iba naman ay inihulog mula sa helikopter sa Marano River. Pinagbabawalan din ang mga kamag-anak ng mga biktima na bumalik sa erya para hanapin ang nawawala nilang mga mahal sa buhay. Ang mga nakakulong ay pinagbabawalan ding makipag-ugnayan sa kanilang mga kapamilya.

Ang Peru ay isang bansa sa kanlurang bahagi ng South America. Ang Peruvian Amazon ang ikalawang pinakamalaking kagubatan sa buong mundo. Saklaw nito ang mahigit 75% ng teritoryo ng Peru. Hitik ito sa likas-yaman at iba't ibang uri ng hayop at halaman. Dito rin naninirahan ang pinakamahihirap na mamamayan ng Peru, ang mga katutubong bumibilang sa 80% ng mga maralita sa bansang ito. Malaon na silang inaapi, pinahihirapan at pinababayaan ng gubyerno ng Peru sa ilalim ni Alan Garcia.

Alinsunod sa isang kasunduan para sa "malayang



kalakalan" sa pagitan ng mga gubyerno ng Peru, US at iba pang imperyalistang mga bansa, pinagtibay kamakailan ang mga batas na nagbubukas sa Peruvian Amazon sa mga multinasyunal na kumpanya. Halos 70% ng kagubatang Amazon na nasasaklaw ng Peru ay bubuksan sa pagmimina, pagtotroso at agribisnes ng mga dayuhan. Apektado sa kasunduan ang umaabot sa 30,000 katutubo sa anim na prubinsya ng Peru.

Maigting na protesta ang isinalubong dito ng mga katutubong mamamayan. Upang supilin ang kanilang paglaban, ipinataw ni Garcia ang state of emergency at sinuspinde ang mga karapatang sibil ng mamamayan dito. Kaliwa't kanan ang mga paglabag sa karapatang-tao. Sa kabila nito ay patuloy na naninindigan ang mga nagpuprotestang katutubo para ipaglaban ang kanilang mga karapatan.

"Metro..." mula sa pahina 11

Matapos ang kumprontasyon ay napaatras ang MMDA at napilitang humarap sa isang pulong masa kung saan binawi nito nang parang maamong tupa ang pagtutuloy ng proyekto. Gayunman, nag-iwan ito ng mga kasinungalingan at repormistang mga pangako sa mamamayan kagaya ng relokasyon at kumpensasyon sa mga mabibiktima ng demolisyon sa hinaharap.

Matagal nang nais alisin ng rehimeng Arroyo ang malalaking tipak ng maralitang komunidad sa Tondo, kabilang ang komunidad sa R-10. Nais silang palayasin lalo na't kasalukuyang pinag-aagawan ng iba't ibang tambalan ng malalaking burgesya kumprador at dayuhang monopolyong korporasyon ang North Harbor. Sa katunaya'y nauna nang dinemolis ang mga kabahayan sa tabi ng nasabing kalsada sa Navotas at ilang baha-

gi ng Tondo. Umaabot sa 900 pamilya pa ang nananatili sa komunidad at ngayo'y binubulabog ng MMDA.

Alam ng mga residenteng nagpapatuloy ang banta ng demolisyon at pansamantala lamang ang
pag-atras ng rehimeng Arroyo. Kaugnay nito'y naghahanda sila sa
pagpapalaganap ng aral ng samasamang pagkilos at maagap na
pagbubuo at pagpapatibay ng kanilang mga samahan.



Mga kasong isinampa ng IALAG, ipinababasura

IGINIIT ng detenidong pulitikal na si Randall Echanis na kagyat nang ibasura ang lahat ng gawa-gawang kasong isinampa ng binuwag na Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) laban sa mga aktibista, mga pinaghihinalaang komunista at mga tagasuporta nila. Ani Echanis, deputy secretary-general ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, walang silbi ang pagbubuwag ng IALAG kung hindi ibabasura ang lahat ng gawagawa at malisyosong kaso laban sa mga aktibista, kabilang ang gawagawang kaso laban sa kanya.

Inaresto si Echanis noong Enero 2008 dahil sa pagkakasangkot niya umano sa isang masaker sa Inopacan, Leyte noong dekada 1980. Kabilang din sa mga inakusahan sina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at punong konsultant ng National Democratic Front na si Prof. Jose Ma. Sison. Kasalukuyang nakakulong si Echanis sa Manila City Jail.

Binuwag ni Gloria Arroyo ang IALAG noong Mayo 15 sa harap ng matinding internasyunal na presyur laban dito. Kabilang ito sa mga rekomendasyon ni United Nations Special Rapporteur Prof. Philip Alston na muli niyang inihapag sa UN Human Rights Council noong Abril.

Mula nang buuin ito noong 2007, ang IALAG ay agad na umani ng batikos mula sa mga grupong nagtataguyod sa karapatang-tao, aktibista at kritiko ng rehimeng Arroyo. Nanguna ang IALAG sa pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista, ligal na oposisyon, lider at kasapi ng progresibong organisasyon at iba pang kritiko ng rehimen. Layon din nitong pagtakpan ang mga krimen ng militar at pulis sa mga pampulitikang pamamaslang at pagdukot ng mga binabansagang kaaway ng estado.

Opensiba ng mga Maoistang gerilya sa India, matagumpay

DALAWAMPU'T anim na elemento ng kaaway ang napatay sa sunud-sunod na mga opensiba ng mga gerilya ng Communist Party of India-Maoist mula Abril hanggang Hunyo. Labing-apat ding pulis at elementong paramilitar ang nasugatan sa mga labanang ito.

Dalawang pulis ang napatay at walo pa ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang gerilya sa distrito ng Bokaro ang dumadaang sasakyan ng mga pulis nitong Hunyo 16. Nauna rito, noong Hunyo 10 ay 11 pulis ang napatay habang anim ang nasugatan nang pasabugan ng bomba ang kanilang sinasakyang *van* sa distrito ng West Singhbhum, mga 100 kilometro mula sa kabisera ng Ranchi, estado ng Jharkhand.

Nauna rito, sampung paramilitar ang napatay sa isang opensiba ng mga gerilya sa Orissa sa silangang India sa isang minahan ng bauxite noong Abril 2009.

Samantala, inokupahan naman ng mga taga-suporta ng CPI-Maoist ang Lalgarh sa silangang bahagi ng estado ng Bengal. Sinalakay ng mga tagasuporta ng Peoples Committee Against Police Attrocities (PC-PA) ang kampo ng pulis sa Salboni, Rangrah at Dharampur. Pinaulanan nila ng mga bala ang nasabing kampo at sinira ang mga *outpost* nito. Nilusob naman nila ang upisina ng rebisyunistang partido ng Communist Party of India o CPI-Marxist at dinemolis ang dalawang palapag na qusali nito.

Anila, ang mga ito ay isang anyo ng ispontanyong pagkilos laban sa karahasan at kriminalidad na ginagawa ng mga pulis at CPI- Marxist. Napilitang umalis ang mga pulis at tatlong lider naman ng CPI-Marxist ang napatay sa nasabing pananalakay.

1 bilyon ang nagugutom sa buong mundo

ISANG bilyon o sangkanim (1/6) na ng populasyon ng mundo ang sadlak sa kagutuman. Halos lahat ng mga walang makain ay nasa mga atrasadong bansa: 642 milyon sa rehiyong Asia-Pacific at 265 milyon sa Africa.

Ang paglaki ng bilang ng mga nagugutom ay bunsod ng mas mababang kita at mas malalang disempleyo bunga ng pandaigdigang krisis sa pinansya. Hindi na makaya ng napakaraming mamamayan ang presyo ng pagkain na tumaas nang abereyds na 24% mula 2006 hanggang 1998 sa mga atrasadong bansa, ayon sa Food and Agricultural Organization (FAO) ng United Nations.

Anang FAO, ang nagtataasang presyo ng pagkain ay nangangahulugan ng malaking kabawasan sa kakayahang bumili ng mahihirap na konsyumer na gumagasta ng hanggang 60% ng kanilang kita para sa mga pangunahing pagkain.

Habang lumalala ang kagutuman sa kalakhan ng mundo, ibayo namang mas mayaman ngayon ang mauunlad na bansa. Labinlimang porsyento (15%) lamang ng mga nagugutom ang nasa mga nangungunang kapitalistang bansa.



Taon XL Blg. 12 Hunyo 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Lumaban hanggang mawakasan ang rehimeng Arroyo

atapos ang halos sampung taon nang pagdurusa sa ilalim ng papet, bulok at mapanupil paghahari ni Gloria Arroyo, masidhi ang paghahangad ang mamamayang Pilipino na mawakasan na ang kanyang paghahari at pagbayarin siya sa napakarami nang mabibigat na kasalanan sa bayan.


Kung si Arroyo lamang ang masusunod, hindi maaasahan ng mamamayan na kusa at walang gulong magtatapos ang kanyang paghahari. Habang papalapit ang katapusan ng kanyang termino sa Hunyo 2010, higit pang pinapaspasan ni Arroyo ang mga maniobra para makapagpatuloy pa sa poder. Lalong lumilinaw ang pangangailangan para sa mapagpasyang mga pagkilos ng mamamayan para matanggal na siya sa kanyang kinaluluklukan. Tulad ng sigwa ng unang kwarto ng 1970 at EDSA 1986 at 2001, muli ngayong nagbabadya ang isang makapangyarihang unos ng mamamayang determinadong wakasan ang kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo.

Anupaman ang paraan para mapalawig ang kapangyarihan ni Arroyo, isang bagay ang malinaw: Mabibigyang-wakas lamang ang mersenaryo, bulok, sinungaling at malupit na paghahari ni Arroyo sa pagmamagitan ng pag-agaw mismo ng sambayanan ng kapangyarihan at pagpwersa kay Arroyo na tapusin na ang kanyang paghahari.

Di katanggap-tanggap sa mamamayan ang balak ni Arroyo na manatili sa poder. Di katanggap-tanggap na magpatuloy ang dinaranas nilang sukdulang paghihirap at pang-aapi sa ilalim ng bulok, ganid at malupit niyang rehimen.

Gayon, dapat magkaisa, kumilos at lumaban ang mamamayan. Dapat tipunin ang galit na ito sa isang makapangyarihang unos para wakasan ang paghahari ni Arroyo. Dapat ibayong palawakin at paigtingin ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagmomobilisa sa mamamayan para labanan ang lahat ng mga pagpapahirap sa kanila ng rehimeng US-Arroyo.

Dapat ipakita sa mamamayan na ang kanilang paghihirap ay tuwirang bunga ng mga maka-dayuhan at anti-mamamayang patakaran at hakbangin ng naghaharing rehimen, kabilang ang patakarang ipako ang sahod sa mababang antas, ang pagpapabaya sa mga serbisyong panlipunan upang mailaan ang malaking



Mga tampok sa isyung ito...

Con-ass, mariing tinuligsa

PAHINA 4

Lumalalang ekonomya sa bansa

PAHINA 5

Hungkag ang mga tagumpay ng AFP sa Negros PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*